Australian Government

What's Next?

Tulong para sa mga Manggagawa sa Automotive Manufacturing

May makukuhang tulong mula sa industriyang automotive para sa mga manggagawa upang tumulong sa paglipat sa mga bagong trabaho kapag ang industriya ng paggawa ng mga kotse sa Australya ay magsasara.

Ang Skills and Training Initiative (Inisyatibo sa mga Kasanayan at Pagsasanay) ay dinisenyo upang tulungan ang mga manggagawang mula sa Holden at Toyota.

Ang Skills and Training Initiative ay kapupunan ng mga programa ng pamahalaan ng estado para sa mga marapat na manggagawang nasa supply chain, pati mga gawaing kasalukuyang isinasagawa na ng Holden at Toyota upang tulungan ang kanilang mga manggagawa na maging handa para sa trabaho.

Kapag pinagsama, ang mga inisyatibong ito ay magsisikap tumulong sa mga naapektuhang manggagawa, marami sa kanila ay may malawak na karanasan at mataas na kasanayan, na makalipat sa mga bagong trabaho, magkaroon ng mga oportunidad na magtrabaho nang sarili, o magretiro.

Ang mga inisyatibong ito ay tutulong sa mga manggagawa na magdagdag sa mga kasanayang mayroon na sila at makakuha ng mga bagong kasanayan na magagamit sa ibang sektor, gaya ng pangkalusugang serbisyo, turismo, edukasyon, pagkain at agrikultura, at maunlad na paggawa.

Ang Holden at Toyota ay nagkontribusyon ng $15 milyon bawat isa sa Skills and Training Initiative.

Anong suporta ang matatanggap ng mga manggagawa?

Ang mga inisyatibong ito ay nag-aalay ng ibinagay na suporta, kabilang ang:

- edukasyong pampinansiyal
- mga serbisyong pangkalusugan at pangkapakanan
- impormasyon tungkol sa mga trabahong kinakailangan
- payo tungkol sa karera, paglipat at pagsasanay
- pagtasa at pagkilala ng mga kasanayan
- pagsasanay at pagkuha ng kasanayang panlahat (gaya ng mga kasanayang pasalita o pakikitungo sa iba)
- payo sa pagsisimula ng negosyo.

Kailan makukuha ng mga manggagawa ang mga serbisyong ito?

Makukuha ng mga manggagawa ang mga serbisyong ito habang sila ay nasa kasalukuyan nilang trabaho.

Ang mga serbisyo ay isasagawa sa mga pinagtugun-tugong baitang, at ipagbibigay-alam sa mga manggagawa sa sandaling makukuha na ang mga serbisyo.

Ang ilang serbisyo ay patuloy na makukuha ng mga manggagawa pagkatapos na lisanin nila ang kanilang trabaho.

Ang Pamahalaang Australya ay nakipagtulungan sa Holden, Toyota, at sa mga Pamahalaan ng South Australia at Victoria upang magbigay sa mga manggagawa ng maayos na suporta.

Suporta para sa mga manggagawa ng Holden at Toyota

Ang Holden at Toyota ang magsasagawa sa karamihan ng mga serbisyong ito para sa kanilang mga manggagawa.

Ang Toyota ay nagtatag ng isang programa sa pag-aaral at pag-unlad na nakapokus sa empleyado at ibinagay sa indibiduwal na tinatawag na 'DRIVE' (Dedicated Ready Individual Vocational Energised).

Ang Holden ay nagtatag ng mga Transition Centres upang ang mga manggagawa ay makipag-usap tungkol sa mga opsiyon sa indibiduwal na karera at pagsasanay.

Makokontak ng mga manggagawa ang kanilang Human Resources para sa higit pang impormasyon.

Suporta para sa mga manggagawa ng Ford

Ipinahayag ng Ford Australia ang pagsasara ng kanilang mga operasyon sa paggawa ng sasakyan at makina, na nauna pa sa Holden at Toyota.

Ang mga manggagawa ng Ford ay binibigyan ng suporta sa muling pagkakaroon ng kasanayan at pagkakaroon ng higit pang kasanayan sa pamamagitan ng Ford Transition Project. Ang Pamahalaang Australya ay naggawad ng $5 milyon sa Auto Skills Australia upang suportahan ang paglipat ng mga manggagawa mula sa kasalukuyan nilang trabaho tungo sa ibang makahulugang trabaho sa pagsasara ng mga planta.

Makokontak ng mga manggagawa ang kanilang Human Resources para sa higit pang impormasyon.

Ang mga mawawalan ng trabahong mga empleyado ng mga taga-suplay ng Ford ay marapat din sa mga serbisyo ng Ford Transition Project na isinasagawa ng Auto Skills Australia.

Suporta para sa mga manggagawang nasa supply chain sa South Australia

Ang mga marapat na manggagawa ay makakakuha ng suporta ng Programang Automotive Workers in Transition ng Pamahalaang South Australia. Para sa higit pang impormasyon:

- mag-email sa - **workersintransition@sa.gov.au**
- tumelepono sa - **1800 774 010**
- bumisita sa - **www.statedevelopment.sa.gov.au/industry/automotive/awtp**

Suporta para sa mga manggagawang nasa supply chain sa Victoria

Ang mga marapat na manggagawa ay makakakuha ng serbisyong pangsuporta sa Skills and Job Centres (Mga Sentro ng Kasanayan at Trabaho) ng Pamahalaang Victoria. Kabilang sa mga serbisyo ang propesyonal na payo tungkol sa karera at pagsasanay; at pinalawak na pagkuha ng akreditadong pagsasanay sa pamamagitan ng Victorian Training Guarantee.

Mga Skills and Job Centres

- Dandenong (03) 8774 4298
- Chadstone (03) 9564 2755
- Broadmeadows (03) 9041 3893
- Sunshine (03) 9919 9988

Para sa higit pang impormasyon:
mag-email sa:
auto.industry@edumail.vic.gov.au
bumisita sa:
http://www.education.vic.gov.au/auto

Anong suporta ang ibibigay sa mga manggagawa upang makakita ng bagong trabaho?

Isang malaking bilang ng potensyal na mapaglilingkuran ang makikipagtulungan sa mga pamahalaan, Holden, Toyota, Ford at mga supply chain na negosyo upang alamin ang mga oportunidad sa trabaho at tumulong na maipuwesto ang mga manggagawa sa mga bagong trabaho.

Dagdag pa sa mga programang pangsuporta na isinaad sa itaas, ang Pamahalaang Australya ay patuloy na magbibigay ng suporta sa Holden, Toyota, Ford at mga marapat na manggagawang nasa supply chain sa pamamagitan ng Automotive Industry Structural Adjustment Programme.

Ang programang ito ay nag-aalay ng tulong sa:

- pagsusulat ng résumé
- paghahanda ng aplikasyon sa trabaho
- mga kasanayan sa pagharap sa interbyu
- pagkuha ng mga tiket at lisensiya.

Para sa higit pang impormasyon, bumisita sa: **www.whatsnext.employment.gov.au/aisap**

Tungkol sa Growth Fund (Pondong Pang-unlad)

Ang Skills and Training Initiative ay isang sentral na elemento ng Growth Fund ng Pamahalaang Australya, na sumusuporta sa mga manggagawa, negosyo at rehiyon na naapektuhan ng mga pagbabago sa industriyang paggawa ng kotse sa Australya.

Ang Growth Fund ay itinatag ng Pamahalaang Australya na may suporta at kontribusyon mula sa mga Pamahalaang South Australia at Victoria, Holden at Toyota.

Para sa higit pang impormasyon, bumisita sa: **www.business.gov.au/GrowthFund**

Upang alamin ang higit pa, bumisita sa
changinglanes.employment.gov.au